# Ang Teatrikalidad ng *MonoVlog:* Improbisasyon at Kuwentuhan sa Panahon ng COVID-19 sa Pilipinas

**SIR ANRIL P. TIATCO**
sptiatco@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**LAYETA BUCOY**
lpbucoy@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

**ABSTRAK**

Mula sa dalawang salita: monologo at *vlog*, ang *monoVlog* ay isang *hybrid* na pagtatanghal sa internet noong panahon ng pandemya. May pagkakahawig at pagkakaiba ang monologo at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang mga ito. Gayunpaman, noong nagsimula naman ang *vlogging*, hindi naman nangangahulugang *live* ito agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagrerekord muna bago ilagak ang *content* sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Noong kasagsagan ng COVID-19, nag-shift sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibahan naman nito sa monologo, mas maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kumpará sa pagtatanghal ng monologo sa entablado. Ang papel na ito ay isang artikulong-panayam hinggil sa *MonoVlog*. Layunin nito ang maidokumento ang pag-usbong ng porma at ang pagtala ng isang espekulasyon hinggil sa posibleng direksiyon nito sa hinaharap. Layunin rin ng panayam ang maisalin ang mga idea ni Layeta Bucoy, ang pigura sa likuran ng pormang nabanggit, sa akademikong sulatín. Panghulí, layunin din ng papel na maging bahagi ang porma sa sinupan ng mga pagtatanghal sa Pilipinas. Inaasahan na ang artikulong ito ay isang mahalagang reperensiya sa mga susunod na taon hinggil sa katatagan ng mga artistang Filipino at ang kanilang pagiging malikhain sa likod ng krisis. Ang hulíng bahagi ng papel ay ang dulang *JonaLive,* dalawang pinag-isang *MonoVlog* na isinulat ni Bucoy. Ang pagpasok ng iskrip sa artikulo ay mahalaga upang mas lalong maintindihan ang aspektong dramatiko (o monologo) at aspektong vlog ng porma.

**Mga Susing Salita:** Pagtatanghal sa Panahon ng Pandemya, pagtatanghal

***ABSTRACT***

*A contraction of two words: monologue and vlog, the monoVlog is a hybrid performance genre developed during the Covid-19 pandemic. While the monoVlog is similar to vlogging and to the performance of a monologue, the monoVlog differs from vlogging because a vlog has not always been live. Several vloggers produce content by recording themselves prior to its online premiere. On the other hand, the monoVlog has a shorter duration compared to most monologues performed on stage. This article is an interview-essay regarding the monoVlog. The aim of the paper is to document the form and to produce a preliminary speculation regarding the future direction of the form. At the same time, it is intended to transfer the ideas of Layeta Bucoy, the figure behind the performance form, to academic writing. Finally, the paper aims to include the monoVlog in the archive of performance practices of the Philippines. The archiving of the form is intended for the future generation of performance artists and scholars and for them to understand that despite crisis such as the Covid-19, the resiliency and creativity of the Filipino artists continue to persist. The final section of the article is the play* JonaLive, *two short monoVlogs combined as one-act-play by Bucoy. An example is provided to understand the dramatic aspect of the form and at the same time, its vlog aspect.*



**Keywords:** *COVID-19, digital theatre, social media, performance-as-research, liveness*


## Ang *MonoVlog* sa Panahon ng Pandemya: Isang Panimula ni S Anril P Tiatco

Noong 16 Marso 2020, idineklara ni Rodrigo Duterte, noo'y Pangulo ng Republika ng Pilipinas na magkakaroon ng *lockdown* na tinawag na *Enhanced Community Quarantine* (ECQ). Noong una, ito ay balak isagawa sa Metro Manila lámang. Dito kasi unang pumapasok ang karamihan ng mga banyagang bumibisita sa bansa. Gayunman, sa tulong ng mga ahensiya ng pamahalaan lalo na ng Kagawaran ng Kalusugan, ang buong kapuluan ng Luzon ay naisailalim sa *total lockdown*. Ayon na rin sa artikulo ni Ana Santos sa *Al Jazeera Online,* ang ECQ ang naging sanhi upang makwarantin ang 57 milyong indibidwal sa buong kapuluan ng Luzon. Ipinatupad ang ECQ upang maiwasan ang tansmisyon ng noon ay bagong virus: ang COVID-19, mula sa isang indibidwal túngo sa isa pa at mula sa isang komunidad túngo sa iba pa. Noong mga panahon ding iyon, idineklara na ang COVID-19 ay isa nang pandaigdigang krisis sa publikong kalusugan.

Ang transpormasyon ng sakít bílang isang pademya ang pangunahing dahilan upang buoin ni Pangulong Duterte ang Inter-Agency Task Force for COVID-19 (IATF) na pinangunahan ng Kagawaran ng Kalusugan. Ang mga miyembro nito ay nagsilbing *frontliner* ng Pambansang Administrasyon upang labanan ang paglaganap ng virus sa bansa. Naging limitado ang galaw ng mga mamamayan simula noong *lockdown*. Kanselado ang mga publikong eroplano. Ang lahat ay pinakiusapang manatili na lámang sa loob ng kanilang mga tahanan. Samakatwid, ayon na nga sa isang ulat ng *Rappler News* noong 16 Marso 2020, isa sa mga hakbanging magaganap ay ang pagsasara ng mga mga establesimyento na kabilang sa mga tinatawag na establesimyentong naglalabas ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyong kabilang sa mga tinatawag na di-esensiyal kagaya ng mga paaralan, simbahan, at tanghalan.

Ang inaasahang pansamantalang *lockdown* ay nagpatúloy hanggang sa katapusan ng 2020, bagama't may mga ilang pagbabago. Noong 1 Mayo 2020 halimbawa, ipinakilala ng IATF ang *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ). Dito pinayagan ang ilang mga pagtitipon na hanggang sampung (10)

katao. Ipinakilala rin ang mga bagong uri ng *lockdown:* ang *General Community Quarantine* (GCQ) at ang *Modified General Community Quarantine* (MGCQ). Sa GCQ, maaaring payagan ang pagtitipon hanggang 30% ng kabuuang kapasidad ng isang espasyo, habang 50% naman ng kabuuang kapasidad ng isang espasyo ang maaaring payagang dumalo sa pagtitipon sa kategorya ng MGCQ.

Isa sa mga apektadong institusyon sa paglaganap ng COVID-19 ay ang dulaan. Dahil na rin sa ontolohiya nitong humihikayat ng isang pagtitipon, ang mga tanghalan ay isa sa mga naunang nagsara ng mga pintuan noong idineklara ang mga iba't ibang kategorya ng *lockdown* sa Luzon simula sa ECQ hanggang sa MGCQ. Magpahanggang unang bahagi ng taong 2022, palaisipan pa rin kung babalik ba sa dati o sa nakasanayang normal, ang mundo ng pagtatanghal.

Binanggit ni JC Gotinga sa kanyang artikulo sa *Rappler*, na simula noong magsara ang mga tanghalan ay gumuho ang mundo ng mga artista sa entablado. Ang pagsasara ng mga tanghalan ay nangangahulugan ding kawalan ng trabaho hindi lámang ng mga aktor at direktor, maging mga indibidwal sa likod ng entablado: tagapamahala ng produksiyon, tagapamahala ng entablado, teknikal na direktor, mga taga disenyo ng produksiyon, at iba pang mga tauhan. Gayunman, hindi nagpatinag ang komunidad ng pagtatanghal sa krisis at nakahanap ng oportunidad na magpatúloy ang kanilang paglikha ng sining sa pamamagitan ng birtuwal na pamamaraan. Gamit ang mga plataporma ng social media gaya ng Facebook at YouTube, mga online application kagaya ng Zoom at mga pangnegosyong platapormang pang-*streaming* gaya ng KTX, nagpatúloy ang pagsasagawa ng mga dulaan. Kayâ lámang, isa sa mga naging agam-agam ay ang isyu ng *liveness* at ang mahalagang tanong sa komunidad: Dulaan pa bang maituturing ang mga pagtatanghal na ipinalalabas sa mga platapormang nabanggit?

Dahil sa mga agam-agam na ito, muling nabuhay ang matagal nang debate sa araling pagtatanghal hinggil sa ontolohiya nito: ang debate nina Peggy Phelan at ni Philip Auslander. Ayon nga kay Phelan sa *Unmarked:*

> "*Performance's only life is in the present. Performance cannot be saved, recorded, documented, or otherwise participate in the circulation of representations of representations: once it does so, it becomes something other than performance.[....] Performance's being, like the ontology of subjectivity proposed here, becomes itself through disappearance* (146)."
>
> ["Ang búhay ng pagtatanghal ay ang kasalukuyan. Hindi ito maaaring madokumento, lalo pa sa *recording*. Kapag ito ay ipinilit na maidokumento at naihanay na sa pagpatuloy ng sirkulasyon ng representasyon, ito ay hindi na pagtatanghal [..] ang pagdokumentong ito ay isang pagtataksil sa kanyang ontolohiya na kung bubusisiin ay nakaangkla sa pagkawala (disappearance)"]

Sa kabilâng dáko naman, ang proposisyon ni Auslander ay kabaligtaran ng dalumat ni Phelan. Samakatwid, naniniwala si Auslander na ang *media technology* ay nanghimasok na sa pagsasagawa ng pagtatanghal. Halimbawa ang mga *live event* sa telebisyon at sa mga social media ay talamak na sa kulturang pagtatanghal simula pa noong panahon ng *avant garde* noong kalagitnaan ng 1960. Sa madaling salita, argumento ni Auslander na ang mga pagtatanghal sa kasulukayan ay hindi maikakailang *mediatized* rin: "*historically, the live is actually an effect of mediatization, not the other way around*" (*Liveness* 51). At bago pa man ang pamumukadkad ng media technology "*the concept of live as a category had no meaning. Therefore, like liveness itself, the desire for live experiences is a product of mediatization*" (55). Kung tutuusin, ang posisyong ito ni Auslander ay nananaig ngayon dahil na rin sa pag-usbong ng mga iba't ibang *mediatized event* na mapapanood sa internet.

Dahil na rin sa paglipat ng mga artista o mananandhal sa mundong *digital*, ang argumento ni Phelan hinggil sa *non-reproducibility* ng pagtatanghal at hinggil sa kanyang posisyon na hindi maaaring mai dokumento ang pagtatanghal ay tíla walang bisa simula pa noong Marso 2020. Tuluyan na ngang ginalugad ng mga mananandhal ang kabuuang potensiyal ng internet para gamitin ito bílang plataporma sa paglikha ng sining-pandulaan. Simula noong ikalawang kuwarter ng 2020, ang *National Theatre* sa Inglatera ay ginamit ang YouTube para magpalabas ng mga dulaan. Ang *The Really Useful Group* ni Andrew Lloyd Webber ay nagpalabas din

ng mga megamusical kagaya ng *Jesus Christ Superstar, Phantom of the Opera, Cats,* at mga ibang megamusical na likha o produksiyong sinuportahan ni Webber.

Sa Pilipinas, ang Philippine Educational Theatre Association (PETA) ay nagpalabas ng kanilang mga dula sa *digital platform* na KTX.ph. Samakatwid, ang kanilang pakikipag-ugnay sa nasabing plataporma ay nag-udyok din upang magpatúloy ang PETA sa pagsasagawa ng mga pagtatanghal, pagpapalabas ng mga dulang itinanghal na ng kompanya at ini-rekord sa video at gumawa ng dokumentaryong pelikula hinggil sa pag-unlad ng PETA bílang isa sa mahahalagang institusyong panteatro sa Metro Manila.

Noong Agosto 2021, nagkaroon din ng isang *online theatre festival* na pinamagatang *MONOSCOPES 2( )2(1)*, isang proyekto ng mga mag-aaral sa programang gradwado ng Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas. Ang mga pagtatanghal sa *festival* na ito ay base sa *MonoVlog,* isang uri ng *online performance* na naging popular sa panahon ng pandemya na sinimulan ni Layeta Bucoy kasama si Olive Nieto. Ipinaliwanag ni Nieto sa *post-show conversation* ng *festival* na ang *MonoVlog* ay parang pagtatanghal ng monologo na hinaluan ng estilo ng *vlogging* ng YouTube o isang porma ng *vlogging* habang nagtatanghal ng monologue.

Ang *vlogging* ay isang uri ng transmedia storytelling kung saan ang nagkukuwento o mas kilala bílang *vlogger* o *content creator* ay gumagamit ng video. Madalas, ang video camera ng sariling mobile phone ang ginagamit upang mas *real time* at *candid* ang pagkukuwento tungkol sa sarili (Schiller "Transmedia Storytelling" 99). Mula sa *video log* or *video blog,* inspirasyon nito ang *web-blogging* na sumikat noong kalagitnaan ng dekada '90 sa kasagsagan ng social media. Sa *web-blogging,* ang indibidwal ay isang tagapagtala ng sariling kasaysayan o isang *chronicler* ng mga iba't ibang karanasan – masasaya, malulungkot, o anumang hindi malilimutang aktibidad gaya ng iba't ibang aktibidad na ginawa bílang isang turista sa ibang bansa. Maiiksi pero malalamán ang mga uri ng sulating ito kaya madalas na inuusisa bilang uri ng sariling talambuhay sa panitikan (McNeill and Zuernn "Online Lives 2.0").

Dahil na rin sa pag-usbong at pag-unlad ng teknolohiya at dahil na rin sa paglaganap ng digital literacy sa kasalukuyang panahon, ang blogging ay naisalin sa pagdokumento ng sarili gámit ang video ng mga mobile phone. Dahil dito, ang *web-blogging* ay naging *video blogging* o mas kilala ngayon bílang *vlogging*. Sa ngayon, inuusisa ito madalas bílang isang uri ng pagtatanghal ng *autobiography* (Lange "Vlogging Toward Digital Literarcy"). Nanatili ang pagiging maiksi ng mga *content* ng mga *vlogger* at ito rin ang pumalit sa telebisyon bílang popular na midyum pang- aliwan. Sa tingin din namin, ang pagiging popular ng midyum na ito ay dahil na rin sa improbisasyong katangian ng mga *vlogger* o *content maker.* Sa madaling salita, mas kagyat o *immediate* ang mga naratibo sa *vlogging* kayâ mas nagkakaroon ng malalim na pagpapalagayang-loob ang mga manonood sa ipinalalabas na content. Matuturing ang mga pagtatanghal ng improbisasyon, mas may kiliti dahil bukal o mas *spontaneous* at hindi "scripted" ang mga salitang lumalabas sa mga content maker.

May katangiang hawig sa monologo/monologue ang mga *vlog*. Dahil na rin siguro sa pagiging isang paraan upang itanghal ang sarili sa publiko bagama't ang madla sa kontekstong ito ay mas angkop sa konteksto ng mediatization ni Auslander. Ang monologue ay mula sa dalawang salitang sinaunang Griyego, ang *monos* na ang literal na kahulugan ay pagiging mag-isa at *logos* na ang literal na kahulugan ay pagsasalaysay. Sa madaling salita, ang monologo ay isang uri ng pagsasalaysay ng isang indibidwal, na madalas ay upang ibahagi ang kanyang mga nasasaisip na dalumat. Sa teatro, madalas ito ay pagtatanghal ng isang aktor na ang kausap ay isang karakter o ang mga mismong manonood.

Ang epekto ng pandemya ang naging angkla rin ng kumperensiya ng *Asian Theatre Working Group* (ATWG) ng *International Federation for Theatre Research* na birtuwal na isinagawa noong 2 hanggang 4 ng Marso 2022. Sa pangunguna ng Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, layon ng ika labing-apat na taon ng ATWG na sagutin ang tanong na "ano ang inaasahan sa kulturang pagtatanghal sa rehiyon ng Asya matapos ang COVID-19?" Isa sa mga naimbitahang *keynote speaker* ay si Layeta Bucoy, mandudula at propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Ang kanyang *keynote address* ay nakasentro sa *MonoVlog*.

Ang *monoVlog* ayon nga sa pag-uusap at panayam na mababása sa ibaba ay mula sa dalawang salita: *monologue* at *vlog*. Ito ay isang *hybrid* na pagtatanghal sa *online world*. May pagkakahawig at pagkakaiba ang *monologue* at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang pagtatanghal – pero noong nagsimula naman ang *vlogging* ay hindi naman nangangahulugang *live* ito agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagrerekord muna bago ito ilagak sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Pero sa kasagsagan ng COVID-19, biglang nag-shift na sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibahan naman ng dalawa, ayon na rin sa mga sinasabi ng mga nagtatanghal nito, mas maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kompara sa pagtatanghal ng *monologue* sa entablado.

Ang mga susunod na talâ ay isang artikulong-panayam hinggil sa *MonoVlog*. Layunin nito ang maidokumento ang pag-usbong ng porma at ang pagtala ng isang espekulasyon hinggil sa posibleng direksiyon nito sa hinaharap. Mahalagang mai dokumento ang nasambit na pormang pagtatanghal dahil patuloy pa rin itong umiiral at umuunlad sa kadahilanang hindi pa rin nagbubukas ang mga pintuan ng mga tanghalan sa Pilipinas sa panahong naisulat ang papel na ito. Mahalaga ring maidokumento ito dahil inaasahan na sa mga susunod na panahon ay mararamdaman na ang pagbabalik ng mga artista sa entablado.

Layunin ng panayam ang maisalin ang mga idea ni Layeta Bucoy, ang pigura sa likuran ng pormang nabanggit, sa akademikong sulatín. Ang panayam ay pinaghalong pormal at hindi pormal. Maganda ring mabása ang mismong transkripsiyon dahil tíla ang pag-uusap ay may karakter ng pagiging isang *vlog*. Sa madaling salita, hinihikayat ang mga mambabasa na gamitin ang imahinasyon habang binabása ang pag-uusap upang maging aktibo ang mga salitang lumabas sa aktuwal na nagsasalita. Ganito naman ang hinihiling din ng tinatawag na *performative writing* na kahalintulad din ng isang pagsulat ng blog o ang pagrekord bílang isang vlog. Panghulí, layunin din ng pag-uusap na maging bahagi ang porma sa sinupan ng mga pagtatanghal sa Pilipinas. Inaasahan na ang sulatíng ito ay isang mahalagang reperensiya sa mga susunod na taon hinggil sa katatagan ng mga artistang Filipino at ang kanilang pagiging malikhain sa likod ng krisis.

Ang hulíng bahagi ng papel na ito ay ang dulang *JonaLive,* dalawang pinag-isang *MonoVlog* na isinulat ni Bucoy at itinanghal ni Nieto kasama si Jonathan Tadioan para sa *MONOSCOPES 2( )2(1)*. Ang pag pasok ng iskrip sa artikulo ay mahalaga upang mas lalong maintindihan ang aspektong dramatiko (o monologo) at aspektong vlog na binanggit ni Nieto sa *postshow conversation* at bibigyang-diin sa pag-uusap sa susunod na bahagi ng papel na ito. Gaya ng *MonoVlog,* mahalaga ang pagdokumento nito bílang patunay na makahahanap ng oportunidad ang mga artistang Filipino upang mag patúloy sa paglikha kahit na ba nababalot ng pangamba ang buong daigdig.

### Ang Pag-uusap hinggil *sa MonoVlog:* Panayam ni S Anril Pineda Tiatco kay Layeta Bucoy

Naganap ang pag-uusap o panayam noong 12 Marso 2022, isang linggo makalipas ang Birtuwal na Kumperensiya ng ATWG. Birtuwal itong isinagawa sa pamamagitan ng Zoom conference application. Sa mga talâ ng pag-uusap, ginamit ang SAPT at LB bílang mga inisyals sa pangalan ng mga manunulat ng artikulong ito.

SAPT: Base sa mga napanood ko na at sa mga *post-show conversation* na narinig ko, ang *MonoVlog* ay galing sa dalawang salita: *monologue* at *vlog*. Sa madaling salita, ito ay isang *hybrid* na pagtatanghal – pagtatanghal sa *online world*. Kung sabagay, may pagkakahawig at pagkakaiba naman din kasi ang *monologue* at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang pagtatanghal – pero noong nagsimula naman ang *vlogging* hindi naman nangangahulugang live ito kaagad-agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagre-record muna bago ito ilagak sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Pero sa kasagsagan ng COVID-19, biglang nagshift na sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibhan naman ng dalawa, ayon na rin sa mga sinasabi ng mga nagtatanghal nito kagaya halimbawa ni Olive Nieto[1] mas

[1] Si Olive Nieto (Olivia Kristine D. Nieto) ay isang aktor sa Pilipinas at guro ng Departamento ng Komunikasyong

maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kesa sa pagtatanghal ng *monologue* sa entablado. Siguro maganda ring maitala natin ang pinagmulan nito. Paano nga ba siya nagsimula.

LB: Bilang isang *monoVlog* na?

SAPT: Ang ibig mong sabihin, may mas maaga na *variety* ang *monoVlog*?

LB: Hindi naman variety. Iisa lang naman yata ang kalikasan ng *monoVlog*. (Tawa) Ito na 'yung *form* na dini-*discover* at ine-*explore* namin ni Olive nitong pandemya. Pero bago siya naging *monoVlog,* may mga ginagawa na kami sa Los Baños[2] (UPLB) na parang *monoVlog* na rin. Noong 2016, una kong nalaman 'yung tungkol sa Facebook (FB) *live*. *Campaign* para sa *national elections*. Sa mga *supporters* ni Pangulong Duterte ko unang napanood. Nag-e-Fb *live* sila para sabihin kung bakit sinusuportahan nila ang kandidatura n'ya o kaya naman ay para ipagtanggol s'ya sa mga bumabatikos sa kanya. Bukod sa *very passionate* sila, ang nakakatuwa pa, may *comment section*. *Interactive*. Habang nagla-*live* sila, sinasagot na nila ang mga *comment* ng mga nanonood sa kanila. May mga pa-*shoutout* din. Saka ginagawa nila sa iba't ibang lugar. Meron pa akong napanood na nag-e-Fb *live* habang naglalakad. Hanggang sa napansin kong may notification na rin sa Facebook kong si ganito, si ganyan *is going live*. Kaya *one time,* habang nakatambay sa isang *coffee shop* sa LB, sabi ko sa mga kasama ko, *try* natin 'tong Fb *live*. Sabi ko sa isa, "dali, ikaw ang mag-Fb *live*. Ito ang *situation,* kunwari ipapakilala mo sa *friends* mo 'tong *coffee shop*." Nu'ng nagkakaroon ng *views,* ginanahan kami. Kung ano-ano na ang naisip. Sinasagot ang mga *live comments*. May pa-*shoutout*. *For coaching,* para kaming may *idiot board*. Sinusulat namin sa papel 'yung pwedeng isagot, gawin, o sabihin, tapos itataas namin 'yung papel para mabasa nu'ng nag-la-*live*. Kadalasan, habang nagla-*live* nagtatawanan o itatanong nu'ng nagla-*live,* "gagawin ko nga?" 'Pag ginawa, tawanan na naman. At lalong tawanan 'pag sa *comment section*, nagtatawanan din ang *viewers*. Medyo nawili sa pagla-*live,* kaya tinuloy pa. Di naman regular. 'Pag natripan lang. Hanggang kung ano-ano na ang pinasok. Halimbawa, may mga Fb *live* na mag-pe-*play* kami ng *music, on the spot*. Kung maramdaman naming may bagay na kanta habang nagsasalita 'yung nagla-*live,* ilalapit lang ang isa pang *cellphone* sa *cellphone* na ginagamit sa pagla-*live*. May pagkakataon ding biglang naisipang magpa-*production number*. Biglang pina-*appear* sa *live* 'yung ibang kasama at bigla na lang silang naging *backup dancer*.

SAPT: Ito pala yun. Facebook *live*. Alam mo, ako hindi ko pa nasubukan ang Facebook *live*. Kung ang usapin ay yung kahalintulad nang sinasabi mo, hindi pa nga pero may mga ilang engkuwentro na rin ako nito – halimbawa noong ipinagdiwang ang ika-isang taong anibersaryo ng aking partner at ng aking tatay. Nag-Facebook *live* nga pala kami pero hindi talaga katulad nitong karanasan ninyo sa coffee-shop.

LB: Pero hindi pa 'yan 'yung *monoVlog*. Parang *pre-history* pa lang. Nakatuwaan lang. *Though* 'yung mga nadiskubre du'n sa Fb *live*, nag-*linger*. Halimbawa, 'yung pagiging *interactive* nito. Impluwensyado ng *comment section* 'yung sasabihin o gagawin ng nagla-*live*. Nu'ng nagkakaro'n na kami ng *outline* o *semblance of a script,* masaya 'yung *right then and there,* nababago ang *outline* o ang napag-usapan, depende sa reaksyon

Pasalita at Sining Pandulaan. Isa siya sa mga susi sa pagkakabuo ng monoVlog kagaya ng nabanggit sa panimula. Sa mga susunod na talâ, ipaliliwanag ni Layeta Bucoy sa interbyu ang mahalaga at malaking papel ni Nieto upang mas mapaunlad ang porma bílang alternatibong pagtatanghal simula pa noong Marso 2020, noong magdeklara ng lockdown si Pangulo Rodrigo Duterte sa buong kapuluan ng Luzon, kung saan matatagpuan ang Metro Manila o ang National Capital Region.

[2] Ang Los Baños ay isang munisipalidad sa probinsiya ng Laguna. Sa artikulong ito, ang paggamit ng Los Baños ay isang reperensiya sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños kung saan si Bucoy ay isang Kawaksing Propesor sa Malikhaing Pagsulat.

ng *viewers*. Masaya 'yung *spontaneity* kasi kung ano-ano talaga ang naiisip. *Then,* nadiskubre ko 'yung *vlogging*. May isang *large class* ako kung saan may mga *student assistants*. 'Yung isa sa kanila *one time,* may pinapanood sa *cellphone*. Tapos, pinakita n'ya sa akin. Si Kris Aquino raw. *Fan* daw s'ya ni Kris. Sabi ko, di naman ako masyadong *fan* ni Kris. Sabi n'ya, tungkol sa makeup daw. *So,* pinanood ko.

SAPT: Kris?

LB: Aquino. Kris Aquino.[3] 'Yun ang unang *vlog* na napanood ko. Tungkol sa kikay *kit* n'ya. Mga makeup.

SAPT: Ito pala ang inspirasyon ng Vlog sa monoVlog? Si Kris Aquino! *(Tawanan ang dalawa).* Pero ano'ng nangyari pagkatapos ng karanasan na mapanood mo sa unang pagkakataon ang *vlog* ni Kris.

LB: *Fast forward* nu'ng implementation na ng K-12. Nu'ng *time* na walang *college freshies,* nagkaroon ng mga *curricular revision*. Nag-*develop* ng *G.E. courses*. Isa du'n ang ARTS 1 o *Critical Perspectives in the Arts.*[4] Sa mga ARTS 1 *class* ko pa higit na nalaman ang tungkol sa *vlogging* kasi nababanggit ng mga estudyante. May mga *requirement* na 'yung iba mas komportableng gawin *in video format*. Pero merong nahihiya, kasi *vlog* lang daw ang ginawa. Wala raw halos o wala talagang *editing*. Sa *cellphone* lang daw, walang masyadong alam sa *editing app,* nanginginig pa raw ang kamay, may pagka-*boring* daw. Sabi ko naman, ok lang 'yun. Ang mahalaga, 'yung sinasabi ng *video.* Pero du'n ako napag-isip. Sabi ng mga estudyante, *blog* daw in *video format* ang *vlog*. Pwedeng mag-*share* tungkol sa buhay o kaya opinyon, interes, o kahit ano pang gustong i-*share*. Pwedeng *live,* pwedeng *recorded*. Kung walang masyadong *high tech* na *gadget* o kaya di masyadong kayang mag-*edit,* e di pwede namang i-*live*. Tapos, para iwas *boring*, pwedeng gumawa ng iskrip o ng *flow* na hindi *boring*.

SAPT: So ibig sabihin nagsimula pala siya – 'yung *prehistory* niya bilang isang istratehiya sa pedagohiya o pagtuturo.

LB: Oo, may kinalaman sa pagtuturo o sa pwedeng *format* ng isang *requirement* sa klase. Pagsasamahin 'yung *vlogging*, saka mga nadiskubre sa Fb *live*.

SAPT: Ang galing naman ng simula pala nito. Tapos, nauso na rin ang YouTube *live*. Pero karamihan sa mga *vlogger*, lalo na yung sa YouTube, 'pag gumagawa sila ng *content* ay *recorded* na. Ganito din ba ang nakikita mo noon bilang isang porma?

LB: Mas *interesting* sa akin 'yung may *live component. Exciting* 'yung nag-a-*adjust* ang *performance* base sa reaksyon ng *viewer.*

SAPT: Kung sabagay sabi mo nga noong *post show conversation* ng *Monoscope and* sa *keynote* mo sa Kumperensiya, ang *live component* ang nagtatawid sa kanya bilang isang dulaan.

LB: Naniniwala akong 'yung *liveness* ay *simultaneity* ng *performance* and *reception*. Naiimpluwensyahan o nakakasama sa pagbuo ng *performance* ang *reception* ng *audience. So,* kung sarado na ang pinto ng isang *performance* para makasama sa paghulma nito ang reaksyon o *response* ng *audience*, tingin ko, nawawala na 'yung *liveness*.

SAPT: Pero paano naman s'ya naging *monoVlog*?

LB: Nu'ng una, tuloy lang 'yung trip na nag-e-Fb *live*. May mga natatanong na rin ako na, "kung ganito kaya?" Tipong may iskrip na talaga ng isang *monologue* ang i-e-Fb *live*. Walang

[3] Si Kris Aquino ay isang popular na pigura sa kulturang popular ng Pilipinas. Siya ay tinaguriang *Queen of All-Media* (Reyna ng Iba't Ibang Midya) dahil sa pagiging popular sa telebisyon, sa internet at maging sa traditional media bílang endorser ng mararaming produktong pangkalusugan, pangtahanan, at pangkatawan.

[4] Ang Lupon ng mga Rehente o ang Board of Regents ay ang pinakamataas na namamahalang kinatawan ng Unibersidad ng Pilipinas System. Ito ay pinamumunuan ng Pangulo ng Unibersidad at katuwang ang Tagapangulo ng Komisyon ng Mas Mataas na Edukasyon (CHED). Ang UP System ay may walong constituent university na may kanya-kanyang espesyalisasyon: Diliman (Main Campus), Los Baños (Agrikultura), Manila (Pambublikong Kalusugan), Baguio (Aralin sa Katutubong Kasanayan), Visayas (Fisheries), Cebu (Pangne-negosyo), Mindanao (Aralin sa Mindanao), Open University (Open Education). Ang ARTS 1 naman ay isang General Education subject na idinesenyo para sa lahat ng mag-aaral ng UP System.

pumatol. Hindi ma-*imagine*. Di ko pa rin masyadong alam kung ano nga ba ang gusto kong mangyari. Kung *scripted* na kasi 'yung *monologue*, mag-a-*assume* na ng *character* 'yung mag-e-Fb *live*. E mag-no-*notif* sa Fb na pangalan n'ya ang magla-*live*. Tapos, pa'no 'yung *viewers*? I-sha-*shoutout* n'ya ba? Kelan? *In character* pa rin ba o bilang s'ya na? Pa'no 'yung mga *comments*? Kailan n'ya i-a-*acknowledge*? Saka, ano lang du'n ang i-a-*acknowledge* n'ya? Dahil nag-ti-*trip* nga lang kami sa paggamit ng Fb *live*, di na masyadong pinag-isipan pa 'yung paghahalo sa *vlogging*, Fb *live*, *and monologue*. Tapos, nagkapandemya na.

SAPT: May kinalaman pala talaga ang pandemya sa *development* ng *monoVlog*.

LB: *In the middle of the sem,* di ba? *Last meeting* ng mga klase ko, napag-uusapan na ang pag-*migrate online*. May mga estudyante pa akong nag-*joke* na 'pag nag-*online* na raw, mag-*lecture* o mag-*discuss* daw akong parang *vlogging*. Tanong ko, "pa'no ko gagawin 'yon?" Sabi nila, basta umupo lang daw ako at mag-*lecture* gaya ng ginagawa ko na. Parang *vlogging* na raw 'yun kasi *funny* raw, *animated*. Nu'ng umpisa pa lang ng *lockdown* nu'ng *March 2020*, nagka-*chat* kami ni Olive. Napag-usapan 'yung tungkol sa pag-*migrate* ng mga klase *online*. Na-*mention* ko sa kanya 'yung jinoke ako ng mga estudyante ko. Sabi ko, *why not* nga *try* natin *if* pwedeng ang *lecture* ay *vlog form* na may *monologue* na kasama para maiba sa *lecture* na nakasanayan na? Kahit di pa s'ya pamilyar nu'n sa *vlog* o kahit sa Fb *live,* pumayag naman s'ya. *So* sabi ko, sige gagawa ako ng iskrip, *try* natin. Pagka-*send* ko sa kanya ng iskrip, sabi ko, basta i-Fb *live* na n'ya agad, *since* nagta-*try* lang naman. Pero dahil nga *monologue* s'ya, at seryosong *actress* itong si Olive, gusto n'yang aralin daw muna ang iskrip. Lalagyan daw muna n'ya ng *units* at *beats*. Sabi ko naman, unang-una maikli lang s'ya. Sunod sa Youtube na mga 12 *to* 15 *minutes* ang *typical* na *vlogs*. Tapos, *since* di pa s'ya gaanong *familiar* sa *vlogging,* baka ang dapat 'yung *vlogging itself* muna ang mas pag-aralan. Binigay ko ang mga pangalan ng *vloggers* na pinapanood ko: sina Lloyd Cadena, ang Bakla ng Taon, sina Ranz Kyle at Niana, pati si AkosiDoggie. Nakailan din kami sa Fb *live,* tapos sinubukan n'ya rin sa *kumu*.

SAPT: Tama! Naalala ko pa ang mga personang nabuo niya sa *kumu*: MananangGal Gadot, Aling Ada, and Madam Tseter. Mga persona na nabuo dahil na rin sa *monoVlogs*. *So* ang ibig mong sabihin, ang *monoVlog* ay nagsimula talaga bilang isang aspektong may kinalaman sa pedagohiya?

LB: Gano'n na nga. Nag-iisip kami ng mga pwede pang tipo ng *video lecture*. At isang malaking konsiderasyon ay 'yung hindi na kailangan ng masyadong *editing*. Hindi kami gano'n kamaalam pa sa mga *editing app,* o kahit sa mga klase ng *camera*. Tapos, 'yung mga estudyante rin mismo. 'Yung iba sa kanila naka-*data* lang. Medyo magaang sa *data* ang Fb kumpara sa Youtube. Tapos, naisip ko, nu'ng panahong 'yon, bukod sa mga minimal na rekisito para makapagklase *online* – *laptop,* WiFi – ang meron pa kami ni Olive ay ang pagiging artista n'ya at ang pagiging manunulat ko. Ba't hindi na rin gamitin?

SAPT: Ano'ng nangyari du'n sa unang *monoVlog*?

LB: Gusto ko nang masubukan 'yung iskrip kaya sabi ko sa kanya, i-Fb *live* na n'ya agad. Sa Fb *account* n'ya naman gagawin. Kung may makapanood man, *friends* n'ya. Kung baga, alam namang umaarte na talaga s'ya.

SAPT: Ibig sabihin, sa umpisa, hindi sinaulo ni Olive ang iskrip?

LB: Hindi. Sabi ko nga, kahit basahin na lang n'ya. Parang sa *lecture*, di naman laging saulo ng *teacher*. May mga pagkakataong binabasa ang *slides* o kaya may *lecture notes*. Sa iskrip, nakalagay na rin kung kailan s'ya kailangang tumingin o magbasa sa *comment section*. 'Yun ang isang malaking hamon sa *performer*. May nakalagay na sa iskrip kung kailan magsha-*shoutout*. Pero nasa *performer*

na ang kung sino ang i-sha-*shoutout* kasi depende na sa kung sino talaga ang nanonood. May nakalagay na rin na "'pag ganito ang *comment,* eto ang sagot." May mga A, B, C, etc. Pero hindi naman mahuhulaan lahat ng pwedeng i-*comment*. Kaya kailangang mahusay mag-*adlib* ang *performer*. 'Yung interaksyon n'ya sa nanonood, o sa *comment* ng nanonood, dapat nakapaloob pa rin sa inilalatag na *parameters* ng iskrip. Hindi 'yung makasagot lang o makahirit o mema lang. Hindi ko na alam kung saan mas nahirapan si Olive: sa *units* at *beats* o sa *adlib*. (Tawa.)

SAPT: Naintindihan ko na siya ngayon. Nu'ng una akala ko talaga kailangang i-*memorize* ang iskrip. Pero sobrang hindi halata na nagbabasa si Olive kapag nagtatanghal siya. Siguro ito na rin talaga ang mahika ng *online performance* mapa-*Zoom* o kung anuman.

LB: May mga nadiskubre rin kaming mga paraan para hindi mahalatang binabasa lang ang iskrip. 'Yung mga nag-*monoVlog* bukod kay Olive, 'yung iba ro'n, talagang hindi na kinayang maisingit pa sa *schedule* nila ang pag-*memorize* ng iskrip. May mga trabaho, saka mga iba pang pinagkakaabalahan para mabuhay. Kaya lang, dahil nagkaro'n ng pagkakataong nagkaro'n ng *clamor* na magtanghal, may *schedule* na. Kaya para mapagbigyan 'yung mga humiling na magkaro'n ng palabas, dumiskubre ng mga paraan para magawang basahin ang iskrip sa mismong pagtatanghal na hindi halata. Iba-ibang klase. Mula klase ng *eye makeup,* mga lugar kung saan ikakalat ang baha-bahagi ng iskrip, paggamit ng tatlong *gadget*, hanggang sa pagmanipula sa makikita sa *monitor*.

SAPT: May *rationale* ba ang hindi pagmemorya ng iskrip?

LB: Mas pa sa praktikal. Pwede ngang katulad nu'ng nangyari kay Olive, nagmamadali lang na masubukan 'yung *form* para makita na agad kung pwede nga bang magamit sa klase. O 'yung sa iba na wala nang panahong magmemorya kasi may *clamor* na magpalabas na agad. Kasama na rin 'yung magbabasa na rin lang sa *comment section* kaya pwedeng basahin na rin pati ang iskrip.

SAPT: Sumasang-ayon din sa *medium* kumbaga?

LB: Oo. May mga *vlog* na rin naman kasing halatang nagbabasa ang *vlogger*. Merong pinapakita pa ng *vlogger* ang mismong binabasa n'ya.

SAPT: Gano'n pa rin kahit noong dinala na ni Olive ang *monoVlog* sa kumu?

LB: Gano'n pa rin. Mukhang natuwa naman ang mga *follower* ni Olive sa *kumu*.

SAPT: Totoo, grabe na-*feature* nga si Olive sa *WheninManila.com* bilang isa sa mga popular o maraming *follower* sa *kumu* na *non-showbiz celebrity*[5] dahil na rin sa *monoVlog*.

LB: Oh, di ba? Bongga si Olive! (Tawa.) Du'n sa kumu, sa serye ng Madam Tseter n'ya, parang pang-*lecture* na sa klase. Sinusubukan na talagang maging *teaching material*. Baka 'yun din ang dahilan kaya napansin s'ya ng kumu. Iba 'yung *content* n'ya. Ang dami na rin kasing nag-kumu nu'n.

SAPT: Naging sobrang sikat kasi ng kumu nitong pandemya. Pinutakti ng mga artista mula sa ABS-CBN at mga nawalan ng trabaho o gigs na mga banda at mga *singer*. *Eventually* natuklasan din ito ng mga *theatre people* – mga *musical theatre performer* ay nag-*concert* din. Tapos may mga *vloggers* na ang *content* ay parang *magazine show* – panayam sa mga historyador, sa mga mananaliksik at maging mga *celebrity*.

LB: Baka nga kaya naging kakaiba 'yung kay Olive. *Teacher* na nagle-*lecture* pero sa anyong *monoVlog*.

SAPT: May pag-*appropriate* pa nga pala ng Pinoy Big Brother sa kumu. Dumami talaga ang *subscriber*. Nagkaro'n ng malaking *opportunity* ang mga *performer* na kagaya ni Olive na magkaroon ng mas malaking *audience*. Iba din talaga ang ginawa ng *social media* sa ideya natin ng manonood.

[5] Para sa impormasyon hinggil sa balitang ito, narito ang link: https://www.wheninmanila.com/these-5-financially-successful-kumu-livestreamers-share-perks-of-being-a-content-creator/

At iba rin talaga ang ginawa nito sa konsepto natin ng *live*.

LB: *Technologically mediated*, pero may *simultaneity* pa rin ng *performance* at ng *reception*. May mga kaibahan pa rin naman kung ikukumpara sa nakasanayan nating konsepto ng *liveness*. Halimbawa, *simultaneous* pa rin nga ba ang *performance* at *reception* kung nagkakaroon ng *lag* o *delay* kahit isang segundo o saglit lang ang *transmission*? Kung sa nakasanayan nating *liveness,* pwedeng mabato ang *stage* o ang *performer*, 'pag *mediated, virtual* din lang ang batuhan. Sa akin, magkaiba pa rin 'yun.

SAPT: Ang susunod na katanungan naman ay hinggil sa kolaborasyon. Paano mailalarawan ang kolaborasyon sa pagitan mo at ng magtatanghal? Sunod, paano ang direktor? Sino ang direktor? May negosasyon din bang sinusundan kasama ang mga miyembro ng pangkat pang-artistiko?

LB: Kadalasan, 'yung *performer* na rin ang direktor. Eto 'yung walang *rehearsal* na kasama ako. Parang 'yung nangyari kina Tata Nanding[6] at Ate Guy.[7] Sa kaso nila, nahirapan noong una kasi sanay silang may direktor. Dahil naka-*quarantine* pa no'n sa mga bahay-bahay, mag-isa nilang ginawa ang *performance*. Sila na ang nagdesisyon sa *setup* ng *laptop* nila. Pati kung *laptop* ba o *cellphone* ang gagamitin nila. Sila na rin pati *production design*. Kung ano'ng *backdrop* ang gusto nila. Sa iskrip, nakalagay s'yempre ang *character* nila. At do'n na nila pagdesisyunan kung ano ang *immediate environment* ng *character* base sa kung ano ang meron sa bahay nila. Kung may *rehearsal* na kasama ako, kasama na rin ako sa nagdidirek. Pinagkakasunduan ang mga bagay na kasama sa *performance*.

SAPT: Ibig bang sabihin nito, kasama rin ang magtatanghal sa pagbuo ng *tauhan* at sa *milieu* ng tauhan?

LB: Sa anumang pagtatanghal, kasama namang talaga. Hindi lahat ng detalye tungkol sa tauhan at sa *milieu* o sa *setting* na ay mape-*predict* ng iskrip. Sa kaso ng *monoVlog*, sunod pa rin ito sa kumbensyon ng *vlog*. Sa mundo ng *vlogging*, mahalaga ang *authenticity* o ang *factuality*. Halimbawa, 'pag sinabi ng *vlogger* na alas-tres ng madaling-araw s'ya nag-*vlog,* dapat totoo 'yun. 'Pag napatunayan ng *viewer* na hindi alas-tres ng umaga ginawa ang *vlog,* malaking bagay 'yon. Nagkaroon ng kontrobersya d'yan noon. Kaya dahil *vlog* pa rin ang *monoVlog*, kailangang may *factuality* pa rin ito sa buhay ng *vlogger*. Kahit na pwedeng *fiction* 'yung *monologue,* hindi pwedeng mawala 'yung paghalaw sa ilang *factual* na detalye sa buhay ng *monoVlogger*.

SAPT: 'Yung *monologue* ay sumusunod pa rin sa mga elemento ng isang dula?

LB: Ang hamon sa *monoVlog* ay gawing *dramatic form* ang *vlog*. Ang *vlog* mismo ay hindi isang dramatikong anyo. Babalik du'n sa mga naunang problemang nais tugunan: kung meron ka lang *cellphone,* naka-*data* ka lang, di ka masyadong makapag-*edit*, baka maging *boring*. Pwedeng gawin mo sa Fb *live* – uubra na ang *cellphone* at *data* at pwedeng hindi maging *boring* kasi magmo-*monologue* ka. Kung nahihiya o nadidiyahe kang biglang bumulaga sa mga *friends* mo ang Fb *live* mong nagmo-*monologue* ka, du'n na papasok ang *vlogging*. Ikaw pa rin 'yon, ikaw na Fb *friend* nila. Nagbabahagi ka pa rin tungkol sa buhay mo, o sa interes o opinyon mo. Pero sa paraan ng monologo. Nagsasanib ang *fact* at ang *fiction,* ang *vlog* na pinaniniwalaang *factual* at ang monologong pinaniniwalaang *scripted*. Sa pagsasanib na ito, higit na napapayaman ang mga kahulugan tungkol sa isang bagay, hindi sa paraang ibinabahagi lang ang opinyon, pagtingin, o isang inaakalang katotohanan, kundi sa paraang dramatiko, kinakatawan ng

[6] Si Tata Nanding o Fernando Josef ay isang aktor at direktor sa entablado, telebisyon at pelikula. Siya ay kasalukuyang *Artistic Director* ng Tanghalang Pilipino ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP).

[7] Si Nora Aunor o mas kilala bílang Ate Guy ay isang aktor sa entablado, telebisyon at pelikula na kinikilala bílang isa sa mga pinakamahuhusay na artista sa pelikula hindi lámang sa Pilipinas kundi sa buong Asya.

*performer* ang naratibo. At maaaring katawanin na rin ng manonood dahil sa interaksyong magaganap sa pagitan ng *performer* at ng manonood, ang manonood ay nagiging aktibong bahagi na rin ng *performance.*

SAPT: Ah naintindihan ko na. Halimbawa nga yung *JonaLive* – kumpleto rekados ng elemento ng dula kumbaga pero kung sisilipin mo magkahiwalay na *vlog* ang dalawang ito pero noong pinagsama na – ay nabuo nga ang naratibo – 'yung *plot* ay 'yung kabuuang naratibo. Tapos *character* siyempre si Olive at si Jonathan. *Thought* naman ay 'yung kritisismo mismo noong pagpa-prank na nagiging sanhi na sa kalituhan kung alin ang totoo at alin ang hindi. Siyempre 'yun *diction* ay 'yung mismong diyalogong isinulat mo - may iba't ibang lebel at tekstura noong itinanghal na nila Olive at Jonathan. Tapos nandiyan rin ang *music* na maaaring nasa pagbigkas din nila ng mga linya pero ito rin yung mga tunog na maririnig natin habang nagtatanghal sila. At panghuli, *spectacle?* Siguro ito 'yung mismong kombinasyon na ng lahat ng aspekto – sa aktwal na pagsasa-entablado ang tawag natin dito ay *mise-en-scène*. Siguro ito rin yung *framing* na ginagawa ng mga artista – pagharap sa *camera,* paggamit ng mga *props*, pagsasaayos ng ilaw, at kung anu-ano pang makaka-apekto sa mismong kabuuang karanasan ng panonood ng bidyo kasama na ang karanasan na dulot ng relasyon ng *audio* at biswal na elemento ng pagtatanghal.

LB: May pagtatangka pa ring sumunod sa *Poetics* ni Aristotle. Pero higit pa ro'n, ang *exciting* para sa akin ay 'yung potensyal ng *monoVlog* na papusyawin ang linyang naghihiwalay sa itinuturing na *fact* at sa itinuturing na *fiction*. Sa pagpusyaw na 'yon, maaaring maisip ng manonood na ang napapanood n'yang alam n'yang *fiction* ay isang *fact* na pala sa kanyang buhay. O ang isang *fact* sa kanyang buhay ay makita n'yang *fiction* na isinama ng Fb *friend* n'ya sa *monoVlog* nito.

SAPT: Wow – ibig sabihin may aspektong depamilarisasyon?

LB: Meron. Halimbawa, du'n sa isang *monoVlog* na kasama si Olive, nabanggit na nauubos na ang kanyang pagkain. Nandu'n na s'ya sa puntong binubuksan na ang mga de latang *for special occasion.* Sa madaling-salita, di na n'ya alam kung saan makakabili o makakakuha ng pagkain. Kumbaga, kailangan na n'ya ng ayuda. Hindi naman talaga umabot sa gano'n si Olive na mananawagan na para mabigyan ng ayuda. Pero may nakapanood ng *monoVlog* na 'yon na hindi s'ya personal na kilala. Napanood lang noong *shinare* ko sa FB ko. Biglang nagpadala ng *care package* kay Olive. Di lang pagkain, pati mga sabon, at sanitary napkin. Sabi nang nagpadala, noong nililista n'ya kung ano ang mga ipapadala kay Olive, saka n'ya naisip na di lang dapat pagkain ang lamanin ng ayuda. Na may ibang pangangailangan pa ang isang tao para magpatuloy sa buhay kahit bihirang lumabas ng bahay. Na s'ya rin mismo, ano nga ba ang mga kailangan n'ya bukod sa pagkain? Na maswerte s'ya kasi malapit lang ang palengke sa bahay nila, at bukas pa rin ang palengke. *So,* 'yung *fiction* sa *monoVlog* ni Olive, tiningnan bilang *fact* ng isang nanonood. At dahil do'n, di lang naisip ng nanonood ang sarili n'yang kalagayan at ang kalagayan ng iba, nakatanggap pa si Olive ng *care package* galing sa isang *stranger.* (Tawa.) Sa susunod na *monoVlog,* s'yempre nagpasalamat si Olive. Naging *friends* na rin sila sa Fb. At nagawan na rin ng *monoVlog* 'yung *interaction* nina Olive at ng *new* Fb *friend* n'ya sa labas ng *monoVlog*. Kumbaga, marami nang kahulugang pwedeng mabuo at marami nang pwedeng mangyari dahil sa isang *vlog* o sa isang pinalabas na *monologue.* Kaya maaaring mas marami pang kahulugang mabuo at mas marami pang maaaring mangyari kung pagsasamahin ang *vlog* at ang *monologue.*

SAPT: Ah tama – naaalala ko nga yung ayuda *monoVlog* ni Olive at kung papaano rin ipinakita yung *dependency* talaga natin sa bawat isa at 'yung kritisismo

sa pambansa at local na pamahalaan pagdating sa pagtugon sa panahong tulad nito. Ito yung nagtatawid din sa kanya bilang isang porma ng dulaan hindi ba? Sabi ni Doreen Fernandez sa *Palabas,* ang nagtutulak daw sa mga mandudula para makapagsulat ng makabuluhang teksto ay ang tinatawag na *urgency* ng panahon.

LB: Sang-ayon ako na isa sa mga maaaring magtulak sa mandudula upang makapagsulat ng makabuluhang teksto ay ang *urgency* ng panahon. Pero kung ang pangunahing produkto ng teatro ay dulang pang-entablado, hindi ko pa masasabing dulang pang-entablado ang *monoVlog* bagama't meron itong *theatricality.*

SAPT: Ano'ng ibig mong sabihin? Kasi tingin ko sa kanya maaari naman nating dalumatin na uri ito ng dulaan.

LB: Ang pagtanggap o pagkilala sa isang anyo bilang anyong pang-teatro ay hindi lang naman nanggagaling sa manlilikha. May *agreed upon tacit* ito sa pagitan ng manlilikha, mga tagatangkilik, at mga institusyon. Lalo na kung babalikan si Doreen Fernandez. S'ya na rin ang nagsabi sa *From Ritual to Realism, community-based* daw ang ugat ng ating drama. Kung susundan ang pag-unlad ng ating drama hanggang sa kasalukuyang panahon base sa sinasabi n'yang ugat, ang komunidad na bumubuo sa teatro ang makakapagsabi kung anyong pang-teatro na nga ba ang *monoVlog* o hindi.

SAPT: May ganyan na rin namang nangyari sa kasaysayan ng dulaan. Halimbawa ang *naturalism* – *short lived* siya pero ipinagdiriwang natin ngayon bilang mahalagang kontribusyon nina August Strindberg sa dula at dulaan.

LB: 'Yun na nga, hindi naging sapat na ipagdiwang lang ni Strindberg at ng mga iba pang lumikha ng mga dulang sunod sa *naturalism* ang *naturalism.* Kinailangang tangkilikin, paulit-ulit na tularan, at sa huli, sabi mo nga, ipagdiwang *natin.*

SAPT: Tama rin – kaya mahalagang maidokumento na natin siya kasi patapos na rin ang pandemic – hindi rin natin alam kung ano ang naghihintay sa *monoVlog* sa darating na panahon. Basta mahalaga ngayong maidokumento natin na may umusbong na ganito sa panahon ng COVID-19.

LB: Kapana-panabik din kung paano ito titingnan o aaralin ng mga iskolar, kung sakaling pansinin nila. (Tawa.) *Online theatre* ba ito kasi dula itong *deliberately* na ginawa para sa *online consumption*? O titingnan ba ito bilang dulang pang-entablado dahil naging pansamantalang entablado ang *online platform* habang naghihintay pa kung kailan muling bubuksan ang mga tanghalan upang magkaro'n ng *gathering*? Pupusyaw na rin ba ang linyang naghihiwalay sa pisikal at birtwal na realidad? At napakarami pang kapana-panabik na aabangan.

SAPT: Kung sabagay mahalaga talaga ang komunidad bilang ang tingin din natin sa dulaan o teatro ay isang sining panlipunan o isang sining na lumilikha ng lipunan. Isa pa, parang tradisyon din kasi ang usapin ng porma o anyo ng dulaan. Kagaya ng tradisyon, ang mga iba't ibang uri o anyo ng dulaan ay inimbento at napagkasunduan din ng mga tao o mga miyembro ng lipunan. Madalas, dahil din sa paulit-ulit na pagtatanghal, nagiging bahagi na siya ng mundo ng tradisyon – tradisyonalisasyon kumbaga. Malay natin manatili rin ang *monoVlog* at mas marami pang tumangkilik rito at di natin mamalayan, tradisyon na pala siya sa mismong *online world.*

LB: Nakakatuwa rin namang may mga sumunod na sumubok. Ang Sining Banwa ng Bicol, lahat ng na-*monoVlog* ni Olive, hiningi nila sa akin ang iskrip, tapos trinanslate nila at pinasukan ng mga detalyeng batay na sa karanasan ng kanilang komunidad. May isang *university* din, na 'yung *high school* nila, ginawang *contest* ang *monoVlog* para sa selebrasyon ng Buwan ng Wika. 'Yung Tanghalang Pilipino (TP), sumubok din. Tinanong ako ni Tata Nanding kung pwede ko ba s'yang gawan ng *monologue.* Gusto n'ya lang na personal s'yang magbigay ng *tribute* sa

mga *frontliner*. Du'n lang sa FB *account* n'ya gagawin. Sabi ko, tamang-tama at meron nga kaming sinusubukang gawin ni Olive. Pinanood n'ya 'yung mga na-*monoVlog* ni Olive. Nu'ng una, na-*insecure* s'ya kay Olive. (Tawa.) Tapos, hindi pala s'ya marunong mag-Fb *live* at hindi n'ya alam ang *vlog*. Ang alam lang daw n'ya ay *blog*. Hanggang sa mabanggit n'ya sa isang *meeting* ng TP, at napagkasunduan nilang gawin ng *project* ng TP. Du'n na sa Youtube *channel* ng TP pinalabas. At sumunod na pinag-*monoVlog* nila ay si Bb. Nora Aunor. Pagkatapos, sina Marco Viaña at Jonathan Tadoian ng Actors' Company nila.

SAPT: Ang dami na rin pala. Pero kanina pa natin binabanggit si Olive. Pag-usapan naman natin ang mahalagang papel niya sa kabuuang hulma nito yaman din lamang at na-*insecure* pala sa kanya si Tata Nanding. (Tawa.)

LB: (Tawa.) S'ya naman talaga ang unang sumubok nito. Kaya 'yung mga *monoVlog* n'ya ang pinanood ni Tata Nanding at 'yun din ang unang nakita ni Sari Saysay ng Sining Banwa kaya naisipan n'yang pwede ring gawin ng grupo n'ya. Mahirap din 'yung naging sitwasyon ni Olive. May mga *vlogger* s'yang pwedeng gayahin pagdating sa *vlogging*. Sa *monologue,* alam na naman n'ya 'yun. Pero sa *vlog* na gagawin sa paraan ng *theater monologue,* wala kaming naisip gayahin. *March* 2020, nag-*search* s'ya *online*. Isang *rant rap* sa Youtube ang nakita n'yang may *label* na *monovlog*. May nakita rin ako sa IMDB nu'n, nakalagay *Monovlog* pero walang laman. Dahil wala nga kaming makitang pwedeng gayahin, 'yung naglalaro sa isipan ko bilang ideya, malaking bahagi si Olive para magkaroon ng materyalisasyon. At mabuti na rin lang dedikado s'yang hulmahin pa rin 'to. Mas may dedikasyon s'ya kesa sa akin. (Tawa.)

SAPT: (Tawa.) Dahil sa dedikasyong 'yun ba kaya naipakilala n'yo na rin ito sa iba't ibang kumperensiya?

LB: (Tawa.) Gano'n na nga.

SAPT: Una ko itong narinig bilang bahagi ng dalumat o diskurso sa Australasian Association for Drama, Theatre and Performance Studies (ADSA) Conference noong 2020.[8] Kayo pa ni Olive ang nagbasa ng papel.

LB: 'Yung mismong papel, nasa anyo na ng *monoVlog*. Dahil tungkol sa *performance* ang papel, ba't di rin ito sulatin bilang isang *performance* di ba? Nagsimula din lang naman ito kakaisip sa mga pwedeng maging anyo o paraan ng *video lecture,* kaya tinitingnan na rin namin kung pwedeng *performance lecture*. O pwede ring *performance paper* kung may gano'n man.

SAPT: At may *spontaneity* pa rin?

LB: Oo. Du'n sa ADSA, sinasagot 'yung mga *comment* na hindi makapaniwalang buhay na manok ang ayuda. At du'n *very engaged* ang mga kasali sa *conference*.

SAPT: Para ba siyang *commedia dell'arte*?

LB: *Consciously*, may pagka-*commedia dell'arte* ang *approach* sa kanya. Si Malou Jacob ang unang nag-*point out* nito. Wala s'yang napanood sa kahit anong na-*monoVlog* ni Olive. Ang napanood n'ya 'yung kay Tata Nanding at kay Nora Aunor. Pagkatapos, 'yung ilang *alumni* ng UPLB, humiling na magpalabas daw *online* nu'ng napapanood nila noon na serye ng mga dula sa UPLB. *Icebag, Let's Go Tarugo,* at *Elbi Pie* ang mga tawag. Iba't ibang dula na ang pamagat ay *Icebag 2, 3, 4,* etc. O *Let's Go Tarugo 0, 2, 3; Elbi Pie 15, 16*. Minsan pinagsasama ang mga pamagat, *Icebag Tarugo 3, 4*. Parang *franchise*. Pwedeng may kinalaman sa isa't isa ang mga dula sa serye, tipong sequel o prequel. Pwede ring wala namang mga kinalaman sa isa't isa. Mga labing-anim na taon ding tumagal. Susulat ako ng dula, mga estudyante ang magtatanghal.

---

[8] Ang ADSA Conference ay naganap noong 2 – 4 Disyembre 2020. Ito ay isang birtuwal na akademikong pagtitipon na pinangunahan ng University of New South Wales. Isang performance lecture ang inihandang presentasyon nila Bucoy at Nieto sa ADSA Conference. Dito ipinaliwanag nila kung paanong ang MonoVlog ay naging serye ng digital na pagtatanghal na ginamit bílang tugon sa pambansang isyu na may kinalaman sa karanasan ng lockdown. Nabanggit din sa presentasyon na ginamit ang porma bílang pruweba ng pagkabuhay (proof of life), bílang mga paalaala hinggil sa pandemya at pagpupugay sa mga Frontliners.

Iba't ibang mga *student organization* ang kasa-kasama. Isyu s'yempre ang pera. May bayad ang *venue*, ang ilaw, ang kuryente, ang *sound system*. May isang *production meeting* ng *Icebag* na dumalo si Sir Rene Villanueva. Natuwa lang s'ya nu'ng nalamang may serye nga ng mga dula sa LB na ang mga bumubuno bukod sa mga *major* ng *Communication Arts* ay mga *major* ng *Biology, Economics, Veterinary Medicine, Chemical Engineering,* at iba pang *science oriented* na kurso. Suhestiyon n'ya, para makatipid, ba't di gamitin ang monologo. Sinunod ko naman. Pero ang naging problema, malaki ang *DL Umali Auditorium,* kung saan kalimitang nagtatanghal noon. 600-*seater*. 800-1,000 *capacity*. 'Pag pinuno talaga, may *audience* sa mga hagdan pati sa *pit*. Kung *monologue,* paano isu-*sustain* ang interes ng *audience*? *Eventually,* humindig na sa *commedia dell'arte*. Maraming *exaggeration* o *parody,* may pagma-*mime*, tinuring na komunidad ang UPLB kaya may mga *inside joke* sa pagitan ng mga umaarte at manonood, nagkakaroon ng mga *improvisation* kasi *involved* talaga ang *audience*. Minsan parang pang *concert* na ang *atmosphere*. Ina-*acknowledge* ng umaarte ang sinisigaw o reaksyon ng *audience*. Maraming *adlib,* maraming *antics* na sa mismong *performance* na lumalabas. May *idiot board* na rin naman kami. Para kung sakaling hindi alam ng mga umaarte kung ano ang gagawin base sa reaksyon ng *audience,* itataas na lang namin ang *idiot board* – *manila paper* lang naman na susulatan gamit ang *pentel pen* at ang ilaw mula sa *cellphone* o maliit na *flashlight*. Matapos mapanood ni Malou Jacob ang *monoVlog* sa *Icebag online,* du'n n'ya tinext na i-*develop* pa raw gamit ang *commedia dell'arte* at sana raw ay maging regular ang palabas. Mga *once a week*. S'yempre ang nakakatawa ro'n, wala naman s'yang kinalaman sa UPLB. (Tawa.) *So,* di ko alam paano n'ya na-*appreciate* e ang daming *inside joke* LB *joke* do'n. (Tawa.)

SAPT: (Tawa.) Ibig sabihin, ang *monoVlog* ay ang *online version* ng karanasan ninyo sa UPLB?

LB: Oo. (Tawa.) Sanay na ako sa *on-the-spot* na magpapalit ng *dialogue* o gagalawin ang *plot*. Sanay na rin sa bigla na lang mag-i-*improv* o mag-a-*adlib* ang artista tapos ibabalik uli sa iskrip. Dahil din pala sanay kami do'n sa mga serye sa UPLB na importante ang reaksyon ng *audience* sa kabuuan ng *performance,* hindi diretso sa Fb *live* at hindi rin Zoom ang ginamit namin. Streamyard. Para napapakita sa mismong *screen* ng *performance* ang ibang *comment* ng nanonood. Kung baga, hindi lang lalabas sa *comment section* na pwedeng hindi na mabasa ng ibang manonood. Parang pagpaparamdam na rin sa mga nanonood na kabahagi talaga sila ng *performance* at pag-*encourage* na rin sa kanilang pwede silang mag-*interact* sa isa't isa. At ang *interaction* nila sa isa't isa, pwedeng kasama na rin sa *performance*. Gano'n na rin kasi ang nakasanayan namin sa mga serye ng dula namin sa UPLB. Sa UPLB pa lang kasi, nag-i-*incorporate* na rin ng ilang detalye sa buhay ng mismong mga aarte. Kaya minsan, biglang may sisigaw na manonood kasi kilala ang artista at alam ang detalyeng naka-*incorporate* sa dula. Tapos, sasagutin o mag-re-*react* do'n ang ibang manonood. Tapos, i-a-*acknowledge* ito sa *performance*. Pwedeng sumagot din ang artista. O kaya biglang magpapatugtog ako sa banda ng kung ano'ng kantang sakto du'n sa sinigaw o reaksyon ng *audience*. May pagkakataon ding may papasok na *voice over* para sagutin ang reaksyon ng manonood. O ang isang artistang nasa *stage* biglang hihirit ng, "Ma'am Lallie, 'yung *audience* oh." Tapos, tawanan na lahat. 'Yon ang gusto pa rin sana naming ma-*capture* kahit nag-*online* na, kaya ginamit ang Streamyard. Sa huli, dagdag pa ni Malou Jacob, sundan na raw si Dario Fo.[9]

[9] Ayon sa artikulo ni Maria Pia Pagani sa *The Theatre Times,* madalas sa dramaturhiya (dramaturgy) ni Dario Fo ay may interes upang pumukaw ng kolektibong opinyon ng publiko sa kanyang pagtatanghal. Madalas ding tinitira ng kanyang mga dula ang katamaran at kawalan ng empatiya at simpatiya ng sangkatauhan (https://thetheatretimes.com/dario-fo-life-is-a-comical-mystery/, 16 Marso 2016).

SAPT: Ah – mga *political sketch* at satirika ni Dario Fo?

LB: Oo. May pagka-*political sketch* at *satire* 'yung napanood ni Malou Jacob e. Baka kaya naisip n'ya si Dario Fo.

SAPT: Tama, mga *solo performances* niya lalo na ang kanyang *Mistero Buffo*[10] na talagang naging kontrobersiyal noong ipinalabas sa tanghalan. Sumikat din sa *traditional media* si Dario Fo. Kung hindi ako nagkakamali, ipinalabas ang *Mistero Buffo* sa telebisyon na talagang ikinagulat ng mga konserbatibong sektor ng Katolisismo at Kristiyanismo.

LB: Sumusunod naman sa *community standards* ng Facebook. (Tawa.) Sa Fb *live* pa rin. *Account* nu'ng nag-*monoVlog*. Di naman pinabayaan ng mga *alumni* ng UPLB. Naka-12 *thousand views* s'ya habang nag-la-*live*. *30 minutes* pagkatapos ng *live,* pina-*take down* ko na. Bihira rin kasi naming i-*document* 'yung mga dulang kasama sa mga serye namin sa LB. Kaya para *consistent,* kahit nag-*online* na, may pagka-*ephemeral* pa rin.

SAPT: Paano naman natin ilalapat ito sa mismong *monoVlog*?

LB: Kung sa pangkalahatan, naroon ang *satire*, ang *parody,* ang *farce*. Hindi maiiwasang makapagkomento tungkol sa mga karanasan nitong pandemya dahil nga bahagi pa rin ang karanasan ng *performer* sa kabuuan ng *monoVlog* sa panahong magpapalabas s'ya ng *monoVlog*. At dahil bahagi na rin ang manonood sa *performance,* nagiging bahagi rin ang karanasan ng manonood sa panahon ng kanyang panonood. Kaya maraming natalakay o napasok na mga karanasan sa panahon ng COVID-19. Mula sa mga pang-araw-araw na pakikipagsapalaran upang makapagpatuloy sa paghahanap-buhay hanggang sa usapin ng *mental health,* ng *supplies,* ng mga agam-agam, mga karanasang nagbibigay ng pag-asa, ng takot, ng inspirasyon, at marami pang iba. May mga nabuong *monoVlog* na base sa mga komentaryo ng manonood sa mga naunang *monoVlog*. Halimbawa, merong mga *comment* na humihiling kung sino ang gusto nilang umarte sa susunod. O kaya naman kung tungkol saan ang gusto nilang mapanood. Meron ding may mababanggit na maiisip kong magandang gawan ng *monoVlog*.

SAPT: Ngayon ko na nakikita ang *commedia dell'arte,* si Dario Fo, at ang *vlog*.

LB: Maraming pinaghahalo-halo. (Tawa.) Sa simula: Fb *live, vlog,* at *monologue*. Kinalaunan s'yempre, iisipin na kung ano'ng klaseng *vlog,* ano'ng tipo ng *monologue*. Nu'ng una, hindi pa *capitalized* ang "v." Sabi ko lang kay Olive, *since* pinaghalong *vlog* naman ito at *monologue,* tawagin na lang naming *monovlog*. Kay MaLou Jacob na galing ang *capitalized* ang "v" sa *monoVlog*. Siguro, kasi nu'ng panahong 'yon, sabi n'ya sa text, wala pa raw s'yang alam na gano'ng *form*. Tinext ko naman s'yang meron na akong nahanap, 'yong sa IMDB ngang nu'ng *time* na 'yon, meron nang *title* na *Monovlog* pero walang laman. Ang text n'ya, *"own the form."* Tapos, sa text o email, lagi nang *monoVlog* ang gamit n'ya. *Capitalized* na ang "v". Naisip ko, siguro pagpapakita n'ya kung paano simulan ang *owning the form*. O pwede rin namang para sunod sa *nickname* n'ya. Kasi ang "l" n'ya sa Malou, kina-*capitalize* din n'ya. (Tawa.) Parang *sign* ng pagsasama sa Maria at Lourdes na pangalan n'ya. (Tawa.) *Anyway,* sinunod na lang ang pa-*capital* n'ya sa "v," para masaya s'ya. (Tawa.) *Seriously,* para maiba rin kung sakali nga at meron na pala talagang *monovlog*. Dahil no'ng sinimulan namin ito ni Olive, mga Fb *friends* lang naman n'ya ang makakanood, at dahil nga mauugat pa ito sa matagal nang ginagawa sa UPLB, importante ang *community* ng *monoVlogger* sa ganitong klase ng *monoVlog*. *Vlogger* pa rin kasi s'ya, nagbabahagi ng ilang *facts* tungkol sa kanyang buhay. Kilala na o nagpapakilala sa kanyang *viewers*. Kaya sa huli, kung itutuloy-tuloy n'ya tulad ng kalimitang ginagawa ng mga *vlogger* sa mga *channel* nila, o kung susundin ang suhestiyon noon ni

[10] Ang *Mistero Buffo* ay maaaring itala bí lang isa sa mga mahahalagang dula na naisulat ni Dario Fo. Ito ay kontrobersiyal dahil sa mga monologo na hinggil sa buhay ni Kristo bí lang isang tao, subersibo at mang-iibig.

MaLou Jacob na maging regular ang pagpapalabas, tulad nga ng sa mga *vlogger,* makakabuo ng *community* ang *monoVlogger*. Magkakaroon na rin ng mga *inside jokes,* mga linya o hirit na sila-sila ng mga *viewer* n'ya ang nakakaalam, mga karanasan o interes na magkakatulad, pinagsasaluhan, o nagbibigkis sa kanila, o sa amin. S'yempre, bilang manunulat, nandu'n pa rin ako. May mga interes ko, mga karanasan ko o ng mga taong nakakadaupang-palad ko. Parang sa kahit ano'ng uri ng dula lang, nandu'n ang *world view* ng nagsulat.

SAPT: Malinaw na malinaw sa akin ang *timeline* ng pag-unlad ng *monoVlog*. Mahaba-haba rin ang *prehistory* pala niya at nakakatawa rin ang pag-unlad niya mula *monovlog* patungong *monoVlog*. Sa palagay ko maaari na nating ilatag ang mga pangunahing elemento nito. Una, ang *monoVlog* ay pinagsamang *monologue* at *vlog*. Pangalawa, ito ay isang maiksing pagtatanghal. Pangatlo, bagamat ito ay itinatanghal *online*, ito ay *live* pa rin. Pang-apat, mahalaga ang papel ng manonood na kung tawagin sa *online world* ay mga *viewer* o mga *subscriber*. Katulad ng improbisasyon, malaki ang epekto ng interaksiyon ng nagtatanghal at ng manonood sa daloy ng pagtatanghal. Ikalima, bilang isang *monologue,* isang naratibo ang itinatanghal at bilang isang *vlog*, ang naratibo ay konektado sa buhay ng nagtatanghal. Pang-anim, ito ay maaaring sumagot sa realidad ng kasalukuyang panahon o isang kritisismo sa lipunan o sa sosyo-politikal na aspekto ng lipunan. Tama ba?

LB: Gano'n na nga. Isama na rin ang wala halos o wala talaga itong *editing*. Kung sakali at maging *recorded* ito, dapat pinerform pa ring isa lang ang *camera*, isang *take* lang, tuloy-tuloy. Mawala man ang *simultaneity* ng *performance* at *reception, since* mala-komunidad na ang *monoVlogger* at ang mga manonood, may *shoutout* pa rin o pag-*acknowledge* sa presensya ng manonood. Kilala na naman malamang ng *monoVlogger* ang ilang posibleng manood. At pwedeng mahulaan na rin ang posibleng ihirit ng ilang manonood habang pinapanood ang *recorded performance*. Kung baga, malay na malay ang *performance* sa mga posible nitong maging manonood.

SAPT: Ang huling tanong ko, konektado ito sa tema ng kumperensiya noong nakaraang linggo kung saan ikaw ay isa sa mga mahahalagang tagapagsalita. Ano ba sa tingin mo ang kinakaharap ng *online performance* lalo na ang *monoVlog* pagkatapos ng pandemya?

LB: Tingin ko, dahil sa pandemya, umigting ang pagtanggap na bahagi na talaga ng pang-araw-araw na buhay natin ang *online platform*. Kung di man ito direktang kabahagi ng buhay ng isang tao, malamang sa paligid n'ya, may mga kapamilya, kamag-anak, kaibigan, o kakilala s'yang lubog sa *online platform* at nababahaginan na rin s'ya ng mga ito ng mga nakukuha o nararanasan nila *online*. Kung sa usapin naman ng teatro, alam naman nating bukas ang teatro sa mga bagay na dala ng pag-unlad ng teknolohiya. Siguro ang isang magandang isipin ay ang pagkakaiba ng isang dula bilang *online content* at ng isang dulang gumamit ng *online platform* sa loob nito. Kung ako ang pamimiliin, mas gusto kong abangan ang patutunguhan nu'ng huli.

## ***JonaLive*: Dalawang MonoVlog na Pinag-isa ni Layeta Bucoy**

*Itatanghal sa Zoom.*

*Spotlight sa Zoom account ni Uleb.*

*Unang Monologue: Uleb*

Uleb: *(Ready Eye Drop; with trademark tuwalya; naka-dark glasses <the bigger, the better>)*
Hey, Guys! Welcome to the JonaLive Channel of Love Season 3! Nagulat ba kayo at may Super Chat tayo? Alam n'yo naman ang JonaLive lagi kayong ginugulat kasi laging may pasabog. Yes, love warrior *(mention name)*, mahal na mahal ka rin

ng JonaLive. Oh, thank you love warrior *(mention name)* sa 5,000 pesos. Kahit five pesos pa 'yan, love warrior pa rin kayo ng JonaLive kaya ina-appreciate namin ang kahit na magkanong binibigay n'yo dito sa super chat. Yes, love warrior *(mention name)*, hindi talaga natin kasama ngayon si Jonathan, ang Jona ng JonaLive. Ako lang muna, ang Ate Olive n'yo ang makakasama n'yo ngayon.
*(Pan camera)*
As you can see, wala s'ya ngayon dito sa aming unit sa BLISS. Nakita n'yo naman ang naa-afford ng combined salaries ng untenured college literature teacher and freelance theater actor. Oo, ganito. (*Tatawa*) Yes, dito pa rin ako sa aming unit sa BLISS after ng aming pasabog two days ago. (*Tatawa)* Yes, I know. I know, nabulabog ang vlogging world sa aming pasabog. At dahil d'yan, sure akong babalik uli ang JonaLive. (*Magbabasa*) Yes, love warrior (*mention name*) support JonaLive, support love, support one another and receive the love we deserve.
*(Read)*
Naku sunod-sunod na! Natataranta na ako. Baka di ko na naman kayo mashoutout lahat. Yes, receive the love we deserve (*mention name*). I love you too, (*mention name*). Ate Olive is always here for you (*mention name*). And (*mention name*), h'wag ka nang magmultiple post, s'yempre naaalala ko 'yung vlog namin two days ago 'no? Hello? Vlog namin 'yun. Pa'no ko makakalimutan? Kaya nga naka-shades pa ako e. Akala n'yo hindi ako affected? Akala n'yo gusto ko lang kumita dito sa Super Chat. Oh, thank you sa 7,000 (*mention name*). True blue love warrior ka talaga. Anyway, yes. Last vlog. How can I forget?
(*Tatanggalin ang salamin, maglalagay ng eye drop, dapat may tears/Shift mood na malungkot, ginagaya ang last vlog, tanggal ng towel*)

To all JonaLive love warriors, alam kong lagi naming sinasabi sa inyong always choose love, kahit mahirap, kahit lupagi ka na, di ka na masaya, para ka nang di makahinga o hirap na hirap ka na, basta piliin mo pa rin 'yung love mo. Gano'n naman talaga sa love di ba? Talagang may kasamang pain, may kasamang paghihirap. Di naman laging masaya sa love. Kaya nga pinaglalaban talaga ang love. Di pwedeng kampante lang lagi. Di pwedeng bahala na ang buhay o bahala na si Batman. Kung love mo, ipaglaban mo. Para in the end, you receive the love you deserve. Pero nakakapagod din palang makipaglaban. At kahit ipilit mo pa ring ipaglaban, hindi naman sa lahat ng pagkakataon, di naman sa lahat ng laban, panalo ka. Yes, mga dear love warrior, kinalulungkot po naming ipaalam sa inyong wala na po ang JonaLive. Buwag na po. Wala pong third party. Wala pong away. Sadyang mahirap lang pong kalaban itong pandemic. Di po namin kinaya. Sana'y maintindihan at mapatawad n'yo kami. JonaLive signing off.
(*Shift*)
It's a prank! (*Tatawa*) Alam n'yo naman ang JonaLive, prank dito, prank doon. (*Tatawa*) Di ba Jonathan? Paano mabubuwag ang JonaLive? We receive the love we deserve. Jonathan, tingnan mo, mahal na mahal tayo ng mga love warriors natin. Di natin sila pwedeng i-disappoint. Etong si (*mention name*), si (*mention name*), si (*mention name*), sama na rin natin si (*mention name*). Importante sila sa atin di ba? Mga sweet moments, happy moments, it's a prank moments natin ang inaabangan nila. 'Yun ang mga moments na nagbibigay sa kanila ng good vibes. Mga moments na nagpapasaya sa kanila sa panahon ng pandemic na maya't maya may (*In one breath*) ECQ, MECQ, GCQ, MGCQ, banana-Q, barbe-Q, at sana

umulan na rin ng maraming I.Q., E.Q., QDK Quantum Development Kit and Q#, language for quantum programming. (Pormal) Ang quantum ay ang pinakamaliit na posibleng maihiwalay na yunit sa anumang pisikal na katangian tulad ng enerhiya o bagay.
(*Shift back*)
Hindi na tayo maliit ngayon, Jonathan. JonaLive na tayo. Malaki na tayo. Nag-trending sa YouTube ang last vlog natin. Ang laki ng revenue natin du'n sa hiwalayan vlog. Ano pang iniinarte mo? Umuwi ka na rito. Ituloy na natin ang JonaLive. Binulgar ko na sa mga viewers and subscribers natin na "it's a prank!" Nagawa na naman natin di ba? For three years since naging JonaLive tayo, ilang beses na tayong nagkairingan dahil hindi pa rin tayo magkaanak. Pero masaya pa rin tayong humaharap sa mga vlogs natin. Pinaglalaban pa rin natin ang love natin. Isang katutak pa nga ang mga pranks natin di ba? More pranks pa rin kahit pinagsisisihan mong nag-follow your heart ka at naging theater actor kesa naging heart surgeon na gusto ng father mong di maka-get over dahil sa enlarged heart namatay ang bunsong kapatid mo nu'ng 13 years pa lang s'ya. Ano naman ngayon kung kumikita ka pa rin sana kung heart surgeon ka at hindi theater actor na walang maartehan dahil bawal ang mga stage plays ngayon? Binubuhay naman kita kahit na nagkukulang paminsan-minsan ang sweldo ko as college prof. Ang sabi ko sa 'yo, mabigyan lang ako ng tenure, magiging stable na tayo. Pero pa'no ako mabibigyan ng tenure kung bubuwagin mo ang JonaLive? Kino-consider ang good moral character sa tenure. At pa'no ako magkakaro'n ng good moral character kung hiwalay ako sa asawa?
(*Read*)
Yes, love warrior (*mention name*). Prank lang talaga 'yung hiwalayan vlog. Pero kahit mahilig kaming mag-prank, inaamin namin kung prank lang o totoo na. 'Yun nga ang nagustuhan n'yo sa amin, di ba? Honest kami, authentic. Naguguluhan na ang mga love warrior ng JonaLive, Jonathan. Ang usapan natin, pampataas lang ng revenue. Tumaas na nga ng katakot-takot, ano pang pinag-iinarte mo?
(*Kakalma)*
Ganito kasi 'yon. Sige, honesty in the house na tayo. Yes, pera ang pinag-awayan namin. Ilan lang ba sa atin ang wala ni ga-titing na problema sa pera these days? Ako ngang may trabaho pa rin, oo nga, bihira akong lumabas kasi work from home, pero kinailangan ko namang bumili ng matinong laptop, computer table, ergonomic chair, ring light, (mention all you purchased). Tipid nga sa pamasahe, pero lugi naman sa kuryente. Kailangan pang magpakabit ng matinong wifi. Yes, count our blessings. Nakakakain pa rin. Nakakabayad ng bills. Paminsan-minsan, nakakapagpadeliver sa Lazada. 'Yung si Jonathan sa Shopee kasi favorite n'ya si Jackie Chan. Pero ayun e, dalawa ang tinamaan sa amin ng covid e. Mother ko saka father n'ya. Dalawang milyon. Tig-isa. Nalimas ang savings namin.
*(Sandaling katahimikan)*
Ginawa ko lang ang kailangan kong gawin para sa nanay ko. Ako naman ang nag-e-edit ng mga vlogs namin ha? Ako ang nag-iisip ng content. Pati JonaLive, ako ang nag-isip. Ako pa ang may regular na sweldo. Binilhan ko pa s'ya ng live streaming gadgets para makapag-kumu s'ya. May nangyari ba? Kumita ba s'ya? Wala s'yang narinig sa akin. Pero 'pag tungkol na sa nanay ko, ibang usapin na 'yon. Single mother, clerk sa munisipyo, mag-isa n'yang binuno ang pag-aaral ko para makatapos ako ng Literature. Tapos, ano'ng gusto mo, Jonathan? 'Yung pinaghirapan kong pag-isipan, i-edit, i-upload, sulatin, pagtrabahuhan, hahatian ko ang

tatay mong nilustay lahat ng ari-ariang minana ng nanay mo sa mga magulang n'ya kaka-ABS? (Read) Oo, (mention name) ABS. Hindi 'yung nawalan ng franchise. Asawa, Babae, Sugal. ABS. Kayo kaya? Kung pamimiliin kayo, kaninong buhay ang isasalba n'yo? 'Yung matinong single mother o 'yung tatay na mahilig sa ABS?
*(Sandaling katahimikan)*
Hindi ko sinisiraan ang tatay ni Jonathan o si Jonathan. Ang point ko lang dito, magdadalawang taon nang ako ang bumubuhay kay Jonathan. Pati pinapadala n'yang monthly allowance sa tatay n'ya, galing na sa akin. At dito sa mga vlogs, artista lang s'ya. Ako na lahat. Kaya dapat ang makuha n'ya e 'yung share n'ya e 'yung bilang artista lang.
*(Shift, i-smile, perky na uli)*
Pero h'wag kayong mag-alala mga JonaLive love warriors. Love takes a lot of work. Kaya 'yang si Papa Jonathan n'yo, uuwi rin 'yon. Babalik din 'yun dito sa aming unit sa BLISS. Mas malulugi s'ya kung hindi s'ya babalik. Love takes a lot of work at dahil wala s'yang work, marami s'yang time para magwork para sa JonaLive. Ito na lang JonaLive ang pinagkakakitaan n'ya. First and last kita n'ya nitong pandemic 'yung commercial n'ya sa kama. Ayun, pagkatapos ng commercial, natulog na sa kama ang career n'ya. Wala pa sa kalingkingan ng hospital bill ng father n'ya 'yung kinita n'ya ro'n. At sa laki ng utang nila sa hospital, for sure babalik 'yun dito, babalik 'yun sa JonaLive. (Tatawa) Oo, s'yempre. May kasamang survival din 'yung love 'no? Kaya nga sinasabi nu'ng ibang di sila mabubuhay 'pag wala 'yung love nila. Kaya nga kailangang ipaglaban e, kasi parang buhay mo na rin ang nakataya.
And that's all for today! Thank you sa lahat ng nagbigay ng pera. I love you all. And remember, support JonaLive, support love, support one another and receive the love we deserve. Mabuhay ang love warriors. Mabuhay ang JonaLive. Mabuhay ang lahat ng lumalaban para sa love! 'Til the next vlog! Bye!
*(Dance)*

<u>*Ikalawang Monologo: Tad*</u>

**Tad** (Rapido kung magsalita) Oo, nagsu-super chat din ako. Oo, si Olive ang mahilig mag-super chat. Oo, hindi ko s'ya kasama. At oo, wala ako sa unit namin sa BLISS. Nakikita n'yo naman di ba? (Pan camera) Tingnan n'yo, tingnan n'yo. Ibang-iba sa unit namin sa BLISS. Nandito ako ngayon sa bahay ng tatay ko. Sa bahay ng tatay kong namatay dahil kay Olive.
*(Maiyak-iyak pero agitated)*
Talagang s'ya naman ang may kasalanan. Ginawa namin 'yung vlog na naghiwalay na kami, nabuwag na ang JonaLive kasi nga kailangan namin ng pera, kailangang dumami ang views, lumaki ang revenue, maligtas sa Covid ang nanay n'ya at tatay ko. Pero ano'ng ginawa n'ya?
*(Agitated)*
Niligawan ko 'yan kasi akala ko mabait. (Read) Love warrior (mention name), h'wag kang tanga. Kung ganda din lang ang hinahanap ko, e di sana nilagawan ko na lang 'yung mga theater actress o kaya 'yung mga artista sa pelikula o sa TV. 'Yun ang talagang magaganda. Hindi ko sinasabing pangit si Olive. Ang sanasabi ko, mabait si Olive. Akala ko mabait si Olive. Akala ko si Olive ang babaeng dapat pinapakasalan. Akala ko hindi darating ang araw na mabubuko kong sa puso n'ya, puro kasamaan lang pala ang umaapaw.
*(Hinga ng malalim)*
Oo, tama 'yung sabi n'ya sa super chat n'ya. S'ya ang nag-isip ng JonaLive. S'ya ang nagsusulat ng content, s'ya ang nag-e-edit. S'ya na lahat. Aktor lang ako. Pero habang iniisip n'ya ang JonaLive, ako ang nagtitimpla ng kape n'ya, ako ang nagtitiyagang makinig sa mga pangarap n'ya, ako ang naglilinis ng unit namin sa BLISS, nagluluto, naglalaba,

namamalantsa, nagpa-pump sa baradong kubeta, nagtitiklop ng mga damit n'ya, nagliligpit sa mga kalat n'ya kasi nag-iisip pa s'ya!

*(Sandaling katahimikan)*

Habang nagsusulat s'ya ng content, ako ang sumusugod sa Meralco, Nawasa, PLDT para magayad ng mga bills. Ako ang namamalengke, nakikipagtawaran sa mga tindera, nagmamasahe sa ulo, batok, leeg, at balikat n'ya, nagpapaypay sa kanya para makatulog s'ya ng mahimbing. Ako ang sumisisid para sumigaw s'ya, umirit, kumislot, lumiyad hanggang labasan s'ya para makasulat uli s'ya ng content. Lahat ng pangangailangan n'ya binigay ko habang nag-iisip s'ya, nagsusulat, nangangarap na balang-araw lalaki rin kami, lalaki rin ang JonaLive habang wala na s'yang ginawa kundi maliitin ako, maliitin ang mga naitulong ko, maliitin ang mga nagawa ko. Oo, ako na ang maliit. Sa laki ng krisis na dala nitong pandemya, lahat tayo nagmistulang mga walang laban, walang lakas, walang kapangyarihan. Dahil sa pandemya, lahat ng tao naging maliit. Minaliit n'ya tatay ko. Umaasa lang daw sa mga ari-arian ng nanay kong minana n'ya sa mga magulang n'ya. ABS, asawa, babae, sugal. Utak parokiyal daw. Utak barriotic. Small town mindset. E ano ngayon? Nasa'n ang utak lungsod n'ya? Nasa'n ang utak malakihan n'ya? Sino ba ang nagtutulungan ngayon? Kung sumigaw ka, ang kasama mo sa bahay ang unang makakarinig. Kung kailangan mo nang tulong, ang kapitbahay mo ang una mong malalapitan. Walang nag-iisa sa mga barriotic. May pera ka man o wala, bubuhayin ka ng mga taong may small town mindset.

*(Sandaling katahimikan)*

Gusto n'yang maging pilian. Gusto n'yang isalba ang nanay n'ya habang hinahayaang mamatay ang tatay ko. Sa mga barriotic, walang pilian. May maliwanag na komunidad. Nagtutulungan. Naghahatian. Hindi nagpipilian!

Mabuti na raw 'yung may isang mabuhay kahit may isang mamatay. Ang sa akin, mabuti na 'yung parehong madugtungan ng buhay, tig isang linggo, tig isang araw, kahit tig isang oras, tig isang minuto, tig isang segundo. Kesa may tumuloy-tuloy na mabuhay dahil may hinayaan kang tuloy-tuloy na mamatay. Nagtutulungan, naghahatian, kahit sa buhay, sa mga segundo ng buhay. Hindi binibigay ang lahat sa isa para may isa namang ang tatanggapin ay wala.

*(Sandaling katahimikan)*

Kanya raw ang pera, kanya ang revenue, ang ipon, ang sweldo. Sige, sabi ko. Iyo na lahat. Gamitin mo para may ibayad ka sa taong magtitiyagang tulungan kang mabuhay habang nag-iisip ka ng kwento para sa sa JonaLive, nagsusulat ng content, nag-e-edit ng mga video. (Read) Ewan ko. Malay ko. Kaya nga sa kanya na ang pera e. (mention name) Hindi ako nag super chat para kikilan kayo. Hindi ako nanlilimos o nagpapaawa sa inyo. Gusto ko lang malaman n'yo rin ang panig ko. Dahil 'pag iisang panig lang ang nalaman n'yo, pwedeng hindi n'yo alam, niloloko na pala kayo.

*(Sandaling katahimikan)*

Hindi ko sinasabing niloko n'ya kayo. Ang sinasabi ko, niloko ko, niloko ko ang sarili ko. Magda-dalawang taon na, di ko pa rin napansin, unti-unti nagpapakilala na s'ya sa akin. Nagsimula sa mga utos na may kahalong sumbat, gawin mo 'to, tapusin mo 'yun, tumakbo ka do'n, dahil mo 'to. Kasi inaayos ko ang channel, kasi nag-e-edit ako ng vlog, kasi may klase ako, kasi pagod na ako, kasi ako ang bumubuhay sa atin, ako ang may sweldo, ako ang nag-iisip, ako ang gumagawa ng paraan.

*(Sandaling katahimikan)*

Lagi naming sinasabing pagdating sa pagmamahalan, kailangan itong ipaglaban. Mali, maling-mali ako.

Hindi 'yon ang naisip ko. Hindi 'yon ang natutunan ko. Hindi pakikipaglaban ang kailangan sa pagmamahalan, ang kailangan sa pagmamahalan ay pagtutulungan. Walang tunay na pagtutulungan kung nagbibilangan. Walang tunay na pagtutulungan kung ang lahat na lang dinadaan sa sumbatan. At lalong walang tunay na pagtutulungan kung may tao kang ipinagkakanuno mo sa kamatayan.

Ewan ko kung may tumulong pa sa kanya. You receive the love you deserve. Ano ba ang deserve n'yang love? Magbayad s'ya, tutal wala rin naman s'yang ginawa kundi bayaran ang sarili n'ya.

*(Agitated)*

Wala na. Wala na. Wala na ang JonaLive. Kanya-kanya na kami. Jonathan. Olive. Magkahiwalay. Hindi na ako babalik sa unit sa BLISS. Magdildil man ako ng asin, dumila man ako sa baga, kumapit sa patalim, sa panahon ng krisis, lumalabas ang tunay na ugali. Nalalaman kung sino talaga ang may malasakit. Nahuhubaran ang mga peke. Nalalantad ang mga kahinaan. Kung makapag-post sa Facebook akala mo mahal na mahal ang pamilya. Pero ilang linggo lang hindi makalabas ng bahay, akala mo'y nabubuwang na, naiinip, nagsusungit. Akala ko ba mahal na mahal mo ang pamilya mo? Ayan, oh. Lagi mo silang kasama. Ano pang hahanapin mo? Ano pang kinabubuwang, kinaiinip, kinasusungit mo kung kasama na ang mga taong ibinabendera mo sa facebook na mahal na mahal mo? Bakit hindi sila sapat?

Ayoko na sa hindi nakokontento. Ayoko na sa lagi na lang nakakakita ng kulang, lagi na lang nagsasabing hindi sapat. Kailangan daw laging papalaki nang papalaki. H'wag makontento sa pagiging maliit. Nasaan 'yung mga malalaking taong sinasamba n'yo noon? Ilang beses ba nila kayong kinamusta, ilang beses sinabihang mag-ingat kayo, ilang beses tiniyak na ligtas kayo, buhay pa kayo, humihinga pa?

*(Sandaling katahimikan)*

(Read) Oo, (mention name) kailangan kong magpahinga. Pagod na ako. Pagod na pagod. Kung ano-ano na ang sinasabi ko. Oo, walang iskrip galing kay Olive. Baka kaya kung ano-ano na ang sinasabi ko. Pero kahit pagod na ako, kahit magulo na ang isipan ko, alam kong bukas, may kapitbahay akong magdadala ng ulam. Alam nilang halos di ako gumagalaw dahil di ko pa rin natatanggap na abo na lang tatay ko. Bukas, may tatawag o kakatok, titiyaking buhay pa ako. At magpapatuloy ang lahat sa marami pang bukas nang hindi ko kinakailangang maglabas ng pera. Walang bilangan, walang palakihan, walang sumbatan. Puro tulungan. Di na kailangang ipaglaban. Kusang ibinibigay kahit walang kabayaran. Hindi ko na kayo masha-shoutout isa-isa. (Mention name) Wala akong magagawa kung gusto mo ako bilang artista pero ayaw mo sa totoong ako. Sigurado ka bang hindi ako artista ngayon at 'yung ako na nakita mo sa mga vlog ng JonaLive ang hindi totoong ako? (Tatawa nang tatawa, mahaba) It's a prank!

*(Tatawa)*

Katabing unit namin 'to sa BLISS. Wala, walang namatay. Matagal nang patay ang tatay ko at nanay n'ya. Nagulat ba kayo sa triple prank namin? First prank 'yung hiwalayan vlog. Second prank 'yung arte vlog ni Olive. At 'tong arte vlog ko ang third prank. (Tatawa) Hindi na kayo nasanay sa amin. Alam n'yo naman sa JonaLive Channel of Love Season 3, puro prank para laging ipaalala sa inyong naghahalo-halo na ang mga realidad – mula buhay n'yo online hanggang pisikal n'yong buhay. Ano nga ba sa mga 'yon ang totoo at ano ang "it's a prank!"

*(Tatawa)*

O siguro ang dapat na tanong ay hindi 'yung kung ano ba talaga ang totoo sa mga pinaniniwalaan

mong realidad. Siguro ang dapat na tanong ay, kaya mo bang panindigan ang tinuturing mong realidad?
*(Tatawa)*
At mga JonaLive love warrior, sagutin n'yo man 'yan o hindi, bahala na kayo. Basta ang sinisiguro ko lang sa inyo ay, buhay na buhay pa rin ang JonaLive. Don't forget to subscribe. Mag-like, i-share ang video na ito. Mag-comment, mag-invite pa ng mga viewers at subscribers. Dahil kahit nasa gitna tayo ng pandemya, pwede pa rin namang tumawa kahit pa'no, ngumiti kahit sandali, maging masaya, dahil sa huli, we will receive the love we deserve. Support JonaLive, support love, support one another. 'Til the next vlog, JonaLive love warriors! ◆

## MGA REPERENSIYA


Auslander, Philip. *Liveness: Performance in a Mediatised Culture*. London and New York: Routledge, 1999.

Fernandez, Doreen G. *Palabas: Essays on Philippine Theatre History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996.

Gotinga, JC. "Will the Corona Virus Kill Philippine Theatre." *Rappler Online*, 6 June 2020. https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/263043-will-coronavirus-kill-philippine-theater/. Accessed 10 March 2022.

"Guidelines: Luzon Enhanced Community Quarantine" *Rappler Newsletter*, 16 March 2020. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/254783-full-text-guidelines-luzon-enhanced-community-quarantine/. Accessed 20 December 2021.

Lange, Patricia G. "Vlogging Toward Digital Literacy." *Biography* 38.2 (2015): 297 – 302.

McNeill, Laurie and John David Zuern. "Online Lives 2.0: Introduction." *Biography* 38.2 (2015): v – xlvi.

Pagani, Maria Pia. "Dario Fo: Life is a (Comical) Mystery." *The Theatre Times*. 16 Oct. 2016. https://thetheatretimes.com/dario-fo-life-is-a-comical-mystery/. Accessed 31 March 2022.

Phelan, Peggy. *Unmarked: The Politics of Performance*. London and New York: Routledge, 1993.

Santos, Ana. "Coronavirus: Philippines Quarantines Island of 57 Million People." *Aljazeera Online*. 16 March 2020. https://www.aljazeera.com/news/2020/3/16/coronavirus-philippines-quarantines-island-of-57-million-people. Accessed 20 December 2021.

Schiller, Melanie. "Transmedia Storytelling: New Practices and Audiences." *Stories*. Ed. Ian Christie and Annie van den Oever. Amsterdam: Amsterdam University Press, 2018, 97 – 107.

WheninManila. "These 5 Financially Successful kumu Livestreamers Share Perks of Being a Content Creator." *WheninManila,* 8 May 2021. https://www.wheninmanila.com/these-5-financially-successful-kumu-livestreamers-share-perks-of-being-a-content-creator/. Accessed 31 March 2022.

Si SIR ANRIL P. TIATCO ay propesor ng dramaturhiya at araling pagtatanghal mula sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kinilala siya ng National Research Council of the Philippines bilang *Achievement Awardee* sa larang ng Humanidades para sa Taong 2021. Siya ang kasalukuyang tagapangulo ng *Asian Theatre Working Group* ng *International Federation for Theatre Research*. Si Tiatco ay kinikilalang Artist II ng Unibersidad ng Pilipinas.

Si LAYETA BUCOY ay Propesor ng malikhaing pagsulat at humanidades sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Siya ay nagtapos ng PhD sa Malikhaing Pagsulat mula sa De La Salle University. Siya ay may limang Carlos Palanca Memorial Award para sa kanyang mga dula. Kinilala din ng Gawad Buhay ng PhilStage ang kanyang mga dulang Doc Resurrecion: Gagagmutin ang Bayan (para sa Tanghalang Pilipino) at Bona (para sa Philippine Educational Theatre Association). Si Bucoy ay kinilalang Artist III ng Unibersidad ng Pilipinas.